IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

# MGA Kwentong Minero Bilang Kagamitang Panturo sa Asignaturang Filipino Para sa Elementarya

**Bongabong, Judith B., Escultor, Gemma R.**

Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang potensyal ng mga kuwentong minero bilang kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya. Ginamit ang palarawang paraan sa pag-aaral, kasama ang purposive at convenience sampling sa pagpili ng mga impormante. Natuklasan na ang mga kuwento ng minero ay naglalaman ng iba't ibang tema at karanasan tulad ng pagsubok at tagumpay, pakikipagsapalaran sa kabundukan, at mga alamat ng komunidad. Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na palawakin ang kanilang kaalaman sa wika at kultura, pati na rin ang pagpapahalaga sa kasaysayan at tradisyon ng kanilang komunidad. Bukod dito, nakatutulong din ang mga kuwento sa paglinang ng mga kompetensiyang itinakda ng DepEd para sa mga mag-aaral, kabilang ang pagpapalalim sa kanilang pag-unawa sa iba't ibang aspeto ng edukasyon. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga kuwentong minero bilang isang epektibong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya*

**Susing Salita:** Kuwentong Minero, Palarawang Paraan, Pagpili ng Impormante, Tema at Karanasan, Pagtuturo.